# CATCH-UP FRIDAYS: SALAMIN NG SIPAG AT TIYAGA

*by:*
**Shiela M. Rivera**
*Master Teacher I, Magsaysay Elementary School*

Kasabay ng paglitaw ng DepEd Memorandum 001, s. 2024 na nagpapatupad ng "Catch-Up Fridays o CUF" ay ang pag-usbong rin ng mga larawan ng guro na nagpapakita ng kanilang pagiging malikhain, maparaan at matiyaga. Maraming iba't ibang estratehiya o pamamaraan ang ginamit nila upang mapaunlad ang kaalaman at aspektong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ano nga ba ang Catch-Up Fridays at bakit ito ipinalabas ng Kagawaran ng Edukasyon?

Itinalaga ni Bise Presidente Sara Duterte ang pagkakaroon sa bawat pampublikong paaralan ng programa na naglalayong palakasin ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral lalung-lalo na sa aspektong pagbabasa. Ayon sa mga nagdaang pag-aaral, ang Pilipinas ay isa sa mga nangungulelat na bansa pagdating sa literacy at numeracy. Dahil dito, maraming pagpaplano ang ginawa upang mabigyan ng solusyon ang matagal na nating problema. Naglunsad ang departamento na simula Enero 12, 2024, lahat ng Biyernes ay magiging araw kung kailan isasagawa ang tinatawag na Catch-Up Fridays o ang araw kung saan ang mga mag-aaral ay mabibigyan ng pagkakataon na magfocus sa pagbabasa ng mga kwentong kanilang pinili at pagsusulat. Ito rin ang araw kung saan maaari nilang balikan ang mga naiwang aralin na hindi nila lubusang naintindihan gawa ng pandemiko.

Dahil sa programang ito, lumitaw ang mga natatanging abilidad ng mga guro kung saan sila ay gumagawa ng mga nakagaganyak na mga instructional materials na lubusang makatutulong sa pagkatuto at pagbabasa ng mga mag-aaral. Naglipana rin ang napakaraming reading materials na naaayon sa level ng bata. May mga guro rin na

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

naglalabas ng sariling pera upang makagawa ng mga kagamitan na hindi lamang babasahin ng mga mag-aaral kundi sila mismo ang mag-mamanipula upang lubos nilang maunawaan ang aralin. Sa araw din ng CUF ay nabibigyan ng pagkakataon ang bawat isa na ipakita ang natatangi nilang kakayahan sa larangan ng pag-awit, pagtula, pagsayaw at pag-arte na may kinalaman sa aralin o sa kanilang binasa. Sa makatuwid, ang programang Catch-Up Fridays ay hindi lamang idinisenyo upang matuto ang mga mag-aaral, kundi upang maipakita rin ng mga guro ang kanilang tiyaga at pagmamahal na mapatuto ang kanilang mga mag-aaral kahit ito ay dagdag sa kanilang trabaho at oras ng paghahanda nito.

*References:*

https://tonite.abante.com.ph/2024/01/12/catch-up-fridays-nilarga-ng-deped/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan